

Introduksiyon ng digital citizenship sa mga estudyante

Ano ang digital citizenship?

Ang mga konsepto sa likod ng digital citizenship ay ang mas ligtas, mas responsable at angkop na paggamit ng teknolohiya at mga device.



Talakayan sa klase: digital civility

Magagamit mo ang apat na prinsipyo ng Microsoft para sa digital civility para simulan ang usapan sa klase. Payag ba sila sa mga pahayag? Paano kaya nila gagawin ang mga asal na ito?



Isabuhay ang ginintuang tuntunin

Kikilos ako na may pakikiisang-damdamin sa iba, malasakit at kabaitan sa lahat ng ugnayan at ituring ang lahat sa koneksiyong online nang may dangal at respeto.



Irespeto ang mga pagkakaiba

Pahalalagahan ko ang kaibahan sa kultura at igagalang ang iba-ibang pananaw. Kapag di ako umayon, makikipag-usap ako nang maayos at iiwasan ang masamang pagbansag at atakeng personal.



Mag-isip bago sumagot

Titigil at mag-iisip muna ako bago sagutin ang mga isyung hindi sinasang-ayunan. Hindi ako magpo-post o magpapadala ng anumang makakasakit o panganib sa kaligtasan ko o ng kapwa.



Manindigan para sa sarili at kapwa

Sasabihin ko sa iba kung hindi ligtas ang pakiramdam ko, suportahan ang mga target ng pag-abuso o kalupitang online at ireport ang mga gawaing banta sa kaligtasan ninuman.

Talakayan sa klase: pakikiisang damdamin at tibay (empathy and resilience)

Ano ang pakikiisang-damdamin (empathy)?

Kakayahan ang empathy na mailagay ang sarili sa kinalalagan ng iba at maisip kung ano kaya ang nararamdam nila.

At ang katatagan (resilience)?

Tungkol ang resilience sa pagbawi sa kakayahan na makontrol ang lahat ng damdamin mo. Makakatulong ang pagiging resilient para makabawi ka kapag may hindi magandang nangyari online. Maraming sitwasyon na tama lamang na malungkot, magalit o mabigo. Pero sa pagiging resilient hindi mo hahayaang sirain ng sandaling masamang pakiramdam ang buong araw mo.

Paano ang pinakamabuting reaksiyon sa 'drama' online?

Halimbawang nasa paborito mong app ka at may nag-post tungkol sa best friend mo. Bago ka sumagot, isipin kung sino ang nag-post at ano ang posisyong pinanggagalingan nila. Tanungin kung bakit kaya sila nag-post ng ganoon. Ano ang iniisip o nararamdaman nila?

Sunod, isipin kung paano ka makakatugon. Magbabago ba ang kanilang isip, o baka makakadagdag lang sa drama? Subukang ibaba muna ang iyong phone at maglakad, makipag-usap sa isang kaibigan o sa iyong pamilya – at tingnan kung makakatulong ito na mailagay ang lahat sa tamang perspektiba.

Quiz

Ang pahina 2 nitong dokumento ay mayroong maikling quiz. Puwedeng gamitin ito sa umpisa para malaman kung marami nang alam ang mga estudyante o sa dulo para tasahin kung gaano karami ang natutuhan nila. Nasa ibaba ang mga sagot para hindi nakikita sa mismong pahina.

1. Pagrespeto sa mga pagkakaiba, pag-iisip muna bago sumagot at pagsasabuhay sa apat na prinsipyo.
2. Suportahan ang mga target ng pag-abuso o kalupitang online. Ireport ang aktibidad na banta sa kaligtasan ng sinuman.
3. Huminga nang malalim bago sumagot. Subukang tingnan ang sitwasyon sa kanilang punto de bista.
4. Subukang mailagay sa perspektiba ang bagay-bagay. Magsikap na maunawaan at makontrol ang iyong mga emosyon. Ibaba muna ang iyong phone at makipag-usap sa iyong pamilya.
5. Iwasan ang pagbansag ng pangalan at atakeng personal. Makipag-usap nang maayos.

Pagiging mabuting mamamayang digital

Gaano ka kagalang at nakikiisang-damdamin?

1. Alin sa mga sumusunod ang katangian ng mabuting mamamayang digital?

- Pagtiyak na tanda mo ang lahat ng iyong detalye ng pag-login
- Hindi pagpansin o pag-iwas sa alinmang masamang asal online
- Pagrespeto sa pagkakaiba, pag-iisip bago sumagot at pagsasabuhay sa apat na prinsipyo ng digital civility

2. Aling dalawang hakbang ang makakatulong ka para manindigan para sa kapwa?

- Pagbura sa alinmang app kung saan nagkokomento ng hindi mo gusto ang mga tao
- Sumuporta sa mga target ng pag-abuso o kalupitang online
- Isumbong ang mga aktibidad na banta sa kaligtasan ng sinuman
- Sabihan ang kaibigan mo na lakasan ang loob at kalimutan na iyon

3. Anong dalawang bagay ang magagawa mo kung may nakita kang post o komento na hindi mo sinasang-ayunan?

- Huminga nang malalim bago sumagot
- Sabihan ang lahat ng kabigan na i-block sa social app ang taong iyon
- Subukang tingnan ang sitwasyon sa kanilang punto-de-bista
- Agad magkomento ng angry face emoji para malaman nilang ginulo ka nila

4. Aling tatlong hakbang ang makakatulong sa iyong maging mas matatag (resilient)?

- Pigilin at huwag pansinin ang mga emosyon mo
- Subukang mailagay sa perspektiba ang mga bagay
- Iwasan ang alinmang sitwasyong mahirap o nakakaligalig
- Maglagay ng masasamang komento sa post ng ibang tao bago pa nila gawin ito sa iyo
- Sikaping maintindihan at makontrol ang mga emosyon mo
- Ibaba muna ang telepono at makipag-usap sa pamilya mo

5. Ano ang dalawang paraang maigagalang mo ang mga pagkakaiba sa opinyon?

- Huwag pansinin ang alinmang pananaw na kaiba ng sa iyo
- Iwasan ang pagbansag ng pangalan at mga atakeng personal
- Makipag-usap nang maayos